



Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang edd.ca.gov o tumawag sa 1-866-401-2849

Mga Katanggap-tanggap na Dokumento para sa Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan

Dapat kang magbigay ng isang dokumento mula sa seksyon na **Litrato ng Pagkakakilanlan** at kahit na isang dokumento mula sa seksyon na **Iba Pang mga Dokumento ng Pagkakakilanlan**. Ang lahat ng dokumento na isinumite ay dapat iphotocopy sa papel na 8 1/2 x 11 pulgada at dapat nakasaad ang iyong Social Security number (SSN) sa bawat pahina. Ang mga dokumento na hindi nakasaad ang iyong SSN ay maaaring makaantala sa proseso ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan. Isumite ang mga kopya maliban kung iba ang nakasaad.

Litrato ng Pagkakakilanlan

Magbigay ng malinaw at nababasang kopya ng isa sa mga sumusunod na opisyal na dokumento na inisyu ng isang ahensya ng estado, lokal, o pederal na nagpapakita ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at litrato:

- Lisensya ng pagmamaneho o ID card
- US Passport o US Passport Card
- Passport mula sa ibang bansa
- US Military card (harap at likod)
- ID card ng dependent ng militar (harap at likod)
- **Para sa mga Menor de Edad Lang:** ID card ng Mag-aaral
- Dokumento na Nag-aawtorisa ng Trabaho (Employment Authorization Document, USCIS Form I-766)
- Sertipiko ng Pagkamamamayan (Certificate of Citizenship, USCIS Form N-600)
- Sertipiko ng Naturalisasyon (Certificate of Naturalization, USCIS Form N-550)
- Card ng Permanenteng Residente (Permanent Resident Card, USCIS Form I-551)
- Pantribong Dokumento ng Katutubong Amerikano

Iba Pang mga Dokumento ng Pagkakakilanlan

Magbigay ng malinaw at nababasang kopya ng kahit isa sa mga sumusunod:

Data ng Trabaho:

- Isang kopya ng kahit isang W-2 na inisyu sa iyo noong nakaraang taon; o
- Isang kopya ng kahit isang, pre-printed check stub o payment statement na inisyu sa iyo ng iyong tagapag-empleyo sa loob ng labindalawang buwan bago ng petsa kung kailan unang na-file ang iyong paghahabol at nakasaad ang:
 - o Ang iyong unang pangalan o inisyal, apelyido at SSN (at kahit na huling 4 na digit) o ang iyong numero ng pagkakakilanlan ng empleyado.
 - o Pangalan ng tagapag-empleyo.
 - o Ang mga petsa ng panahon ng sahod, o petsa kung kailan naisyu ang check stub o pay statement.

O

Pagpapatunay ng Address (ipinapakita ang iyong pangalan at kasalukuyang mailing address):

- Isang kopya ng hindi nabagong utility bill (kuryente, gas, basura, tubig, o alkantarilya), cable TV bill, bill ng telepono, statement ng bangko, bill ng buwis sa ari-arian, mortgage statement, kasalukuyan at kumpletong kasunduan sa pagpapaupa o pag-upa, o
- Isang kopya ng pagpapatunay ng pagpaparehistro bilang isang umuupa o awtorisadong user ng Post Office Box o pribadong mailbox.

O

Pagpapatunay ng Social Security Number:

- Ang isang kumpletong kopya (mga pahina 1, 2, at 3) ng iyong Social Security statement ay makikita online sa socialsecurity.gov/myaccount

Tandaan: Ang isang Social Security card ay hindi makakatugon sa kinakailangang ito.

O

Pagbeberipika ng Petsa ng Kapanganakan

- Isang kopya ng opisyal na sertipiko ng kapanganakan na inisyu ng ahensya ng lokal, estado, o pederal, o dayuhang gobyerno, o iba pang opisyal na sertipikasyon ng iyong kapanganakan. Ang isang sertipiko ng kapanganakan na namarkahan ng "impormasyon, hindi balidong dokumento para magtaguyod ng pagkakakilanlan," ay hindi katanggap-tanggap na pagpapatunay. Hindi katanggap-tanggap ang isang opisyal na pagsasalin ng sertipiko ng kapanganakan lang para sa petsa ng pagpapatunay ng kapanganakan. Isang opisyal na sertipiko ng kapanganakan ang dapat nakalakip sa opisyal na pagsasalin.

At

Para sa mga Menor de Edad Lang:

- Isang permit para magtrabaho.